

WORD

Tig-aanim ang mga pakpak nila at punong-puno ng mata ang buong katawan. Araw-gabi ay wala silang tigil sa pagsasabi ng: "Banal! Banal ang Panginoong Diyos nating makapangyarihan sa lahat. Siya ang Diyos noon, ngayon, at sa hinaharap." PAHAYAG 4:8

WHAT

Madalas, ang pagtingin ng mga tao sa Diyos ay banal at alam din nila ang kanilang mga pagkukulang. Kaya nga kapag napaparoon ang mga tao sa isang lugar na naiuugnay nila sa Diyos tulad ng isang simbahan o lugar na banal, nagbabago ang kanilang pag-uugali at kilos. Gayunman, pagdating sa pagpaparaya sa Diyos na baguhin sila sa pamamagitan ng ganap na gawa ni Jesus sa krus, madami ang nagpupumiglas at iniisip na kailangan nilang magbago sa sariling sikap. Papaano natin hahayaang maimpluwensiyahan tayo ng kabanalan ng Diyos?

1 Buksan ang kamalayan sa Kanyang presensiya.

Tig-aanim ang mga pakpak nila at punong-puno ng mata ang buong katawan. . . . PAHAYAG 4:8

Sa pagsasalawaran ng apat na nilalang na "punong-puno ng mata ang buong katawan," malamang ang ibig sabihin nito ay naroroon ang Diyos kahit saan (Salmo 139:1-3)! Kapag bukas ang kamalayan mo na ang banal na presensiya ng Diyos ay naroroon kahit saan kahit ikaw ay nag-iisa, papaano nito naapektuhan ang iyong mga galaw?

.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....

2 Buksan ang kaalaman sa Kanyang kabanalan.

⁸. . . Araw-gabi ay wala silang tigil sa pagsasabi ng: "Banal! Banal ang Panginoong Diyos nating makapangyarihan sa lahat. Siya ang Diyos noon, ngayon, at sa hinaharap."⁹Habang nagbibigay sila ng parangal, papuri at pasasalamat sa nakaupo sa trono na nabubuhay magpakailanman, ¹⁰lumuluhod at sumasamba sa kanya ang 24 na namumuno. . . . PAHAYAG 4:8-10

Ang mga anghel ng Diyos ay alam na alam ang kabanalan ng Diyos kaya nga't sinasamba nila ang Diyos ng walang hinto. Nakikita sa kanilang mga galaw ang kaalaman na ito at ang katotohanang pag-aari sila ng banal na Diyos. Ano ang hinihikayat ng Apostol Pedro na gawin natin (1 Pedro 1:13-16)? Sino ang makakatulong sa atin upang maging banal (Tito 2:11-15)?

.....
.....
.....

3 Buksan ang kamalayan sa Kanyang gantimpala.

¹⁰. . . Iniaalay nila ang mga korona nila sa harap ng trono, at sinasabi, ¹¹"Karapat-dapat po kayo Panginoon naming Diyos na tumanggap ng parangal, papuri at kapangyarihan, dahil kayo ang lumalang sa lahat ng bagay. At ginawa n'yo ang mga ito ayon sa inyong kagustuhan." PAHAYAG 4:10,11

Ang mamuhay na iba sa kaparaanan ng makasalanang mundo ay hindi madali. Kahit ang Apostol Pablo, sa kanyang huling mga araw, ay inilarawan ang kanyang lakbay sa pananampalataya bilang isang puspusing pakikipaglaban. Gayunman ay hindi tayo lalaban na mag-isa—ang kabutihan ng Diyos ay sapat at may gantimpalang naghihintay sa atin sa huli! Kapag kinakaharap ka ng tukso na gumalaw ng kulang pa sa kabanalan, ano ang humihikayat sa iyong humindi (2 Timoteo 4:7,8; Job 1:8:22; Efeso 6:13)?

.....
.....
.....